Coptic Orthodox Patriarchate
His Holiness Pope Tawadros II
Pope of Alexandria and
Patriarch of the See of St. Mark
The Papal Center

222 Ramses St., Abbaseya, Cairo, Egypt
Tel: 024822580 Fax: 0235365880 email: office@popetawadros.org

بطريركية الأقباط الأرثوذكس
قداسة البابا الأنبا تواضروس الثاني
بابا الأسكندرية
وبطريرك الكرازة المرقسية
المقر البابوي

222 شارع رمسيس ، العباسية ، القاهرة ، مصر
تليفون: 024822580 فاكس: 0235365880

Filipino - Resurrection 2025

Sa ngalan ng Ama,ng Anak, at ng Banal na Espiritu, isang Diyos. Amen.

Ekhristos Anesti, Elithous Anesti, si Kristo ay nabuhay, tunay na Siya ay nabuhay.

Binabati ko kayong lahat sa maluwalhating Kapistahan ng Muling Pagkabuhay. Ang pista na kung saan tinatapos natin ang banal na pag-aayuno sa loob ng limamput limang mga araw. Ipinagdiriwang natin ang maluwalhating Muling Pagkabuhay sa loob ng limampung araw, na kung saan ay tinatawag natin na Banal na Limampung Araw.

Sa Maluwalhating Kapistahan ng Muling Pagkabuhay, ipinagdiriwang natin ang ginawa ng Diyos sa atin, na kung saan ay pinagkalooban Niya tayo ng tatlong biyaya sa pamamagitan ng Kanyang Muling Pagkabuhay. Pinagkalooban Niya tayo ng pagmamahal, pagpapala, at pakikisama. Ito ang lagi nating ipinapahayag sa pagtatapos ng papuri sa lahat ng mga panalangin. Sinasabi natin ang pagmamahal ng Diyos Ama, ang pagpapala ng Bugtong-Anak, at ang pakikisama , regalo, at handog ng Banal na Espiritu. At ito ang tatlong biyaya na ating natanggap sa maluwalhating Muling Pagkabuhay, o dahil sa maluwalhating Muling Pagkabuhay.

una, ang pag-ibig na kung saan ay mahal tayo ng Diyos, kaya't Siya ay dumating sa mundo dahil sa pagmamahal sa atin. Mahal natin Siya dahil Siya ang unang nagmahal sa atin. (1 juan 4:19). Ito ang maluwalhating pagkatawang-tao. Ang maluwalhating pagkatawang-tao ay ang pagdating ng Diyos sa atin sa lupa. Ang Kanyang pagmamahal ay hindi panteorya, salita, o kaunti, subalit tunay na pag-ibig. Siya ay dumating aat nagkatawang-tao, at ang Salita ay naging tao at nanirahan kasama natin, at nasaksihan ang Kanyang kaluwalhatian. (Juan 1:14). Ito ay kung paano mahalin ng Diyos ang mundo. walang pag-ibig na mas malapit o mas higit pa kaysa sa nagmamahal na lumalapit sa minamahal. Ang bawat tao na kasama natin ay naging minamahal ng mapagmahal na Diyos.

Pagkatapos ay dumating ang dakilang biyaya: ang biyaya ng muling pagkabuhay, ang biyaya ng kapatawaran, ang biyaya ng pagtubos, ang biyaya ng pagpapanibago. Nakuha at natanggap natin ang mga biyayang ito sa pamamagitan ng gawain ni Cristo. Ang

Kanyang pagkakatawang-tao sa lupa, pagkatapos ang Kanyang maluwalhating kamatayan sa krus para sa ating kapakanan. Pagkatapos ang Kanyang muling pagkabuhay para sa ating kaligtasan. Ang dakilang biyaya na ito ay nagbibigay sa tao ng biyaya ng muling pagkabuhay. Gaya ng alam natin, ang pagkabuhay-muli ay nagsasangkot ng "pagbangon," isang makapangyarihang gawain. Isang taong nakaupo pagkatapos ay tumayo at nagpatuloy sa pagtayo. Ito ay tanda ng kahandaan, at isang senyales na ang isang tao ay nasa kumpletong kalusugan: bumabangon. Samakatuwid, sinisimulan natin ang araw-araw na himno ng papuri at sinasabi: Bumangon, O mga anak ng liwanag, purihin natin ang Panginoon ng mga hukbo. Ang mga anak ng liwanag ay mga anak ng muling pagkabuhay. At nagsisimula tayo sa salitang, "Bumangon." Ito ang maluwalhating muling pagkabuhay na ating tinatamasa.

Gayundin, ang pakikisama ng Banal na Espiritu, na siyang nagbubuklod sa ating lahat sa isang Simbahan, sa isang pananampalataya, sa isang gawain, sa isang pag-asa, at nagsimula sa isang pag-ibig. Lahat tayo ay naging miyembro ng Katawan ni Kristo. At si Kristo ang naging ulo ng Katawang ito. Ang gawain ng Banal na Espiritu sa atin ay upang magkaisa tayong lahat sa pamamagitan ng Banal na Sakramento, sa pamamagitan ng mga panalangin, sa pamamagitan ng mga pagbasa, at lahat ng espirituwal na gawain.

Ito ay pag-ibig, ito ay biyaya, at ito ay pakikisama. Samakatuwid, sa bawat panalangin, tinatapos ng pari ang panalangin sa pamamagitan ng pagtatapos na pangungusap na ito. Pinapaalala niya sa atin ang mga gawa ng Diyos sa atin ng pag-ibig, biyaya, at pakikisama. Ito ang ating programa sa buhay sa mga pagbasa sa simbahan. Ito ay matatagpuan sa mga Ebanghelyo ng mga liturhiya sa buong taon ng Coptic. Sa mga buwan ng Tut at Babah, natutunan natin ang pag-ibig ng Diyos. Sa pitong buwan kasunod niyon, mula sa buwan ng Hathor, nalaman natin ang biyaya ng Bugtong na Anak, na kumikilos kasama natin. Pagkatapos, sa mga natitirang buwan ng taon ng Coptic, natutunan natin ang pakikisama, talento, at kaloob ng Banal na Espiritu.

Ang Muling Pagkabuhay ay isang dakilang kapangyarihan. Ang isa sa magandang kwento na simbolikong nagsasaad ng kapangyarihan ng Muling Pagkabuhay ay: May ilang bata na nagpunta at nagtanong sa apoy, "Ikaw ba ang pinakamalakas na bagay sa mundo?" Sinabi nito sa kanila, "Hindi, mas malakas ang tubig kaysa sa akin." Kaya't pumunta sila at nagtanong sa tubig, "Ikaw ba ang pinakamalakas na bagay sa mundo?" Sinabi nito sa kanila, "Hindi, ang araw ay mas malakas kaysa sa akin. Ito ay sumisingaw sa akin." Pumunta sila sa araw, "Ikaw ba ang pinakamalakas na bagay bago ang lupa?" Sinabi nito sa kanila, "Hindi, nililiman ako ng mga ulap at tinatakpan ako." Kaya't pumunta sila sa ulap at tinanong ito, "Ikaw ba ang pinakamalakas na bagay sa mundo?" Sabi nito, "Hindi, pinapalipat ako ng hangin mula sa isang lugar patungo sa isa pa." Kaya't pumunta sila sa himpapawid at tinanong ito, "Ikaw ba ang pinakamalakas na

bagay sa mundo?" Sinabi nito sa kanila, "Hindi, ang bundok ay mas malakas kaysa sa akin," dahil sa aking paglalakbay ay nakatagpo ako ng isang bundok na nagbabago ng aking direksyon, at hindi ko ito matawid. Kaya't pumunta sila sa bundok at tinanong ito, "Ikaw ba ang pinakamalakas na bagay sa mundo?" Sinabi nito sa kanila, "Hindi, ang tao ay mas malakas kaysa sa akin, sapagkat maaari niya akong baliin sa bundok." Kaya't pinuntahan nila ang tao at tinanong siya, "Ikaw ba ang pinakamalakas sa mundo?" Sinabi niya sa kanila, "Hindi, ang kamatayan ay mas malakas kaysa sa akin.Hindi ko matatalo ang kamatayan." Sabi nila, "Tanungin natin si kamatayan." Ikaw ba ang pinakamalakas na bagay?" Sinabi nito sa kanila, "Hindi, si Kristo ay mas malakas dahil sa pamamagitan ng kamatayan ay tinapakan Niya ang kamatayan. Sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo sa krus ay tinapakan Niya ang kamatayan. Gaya ng itinuro sa atin ni Apostol Pablo: O kamatayan, nasaan ang iyong tagumpay? O libingan, nasaan ang iyong tagumpay?" (1 Corinto 15:55) Si Kristo ay namatay sa krus at nabuhay mula sa mga patay upang talunin ang kamatayan. Sa ganitong paraan, mayroon tayong buhay na walang hanggan. Sinasabi natin, "Si Kristo ay bumangon mula sa mga patay." Sa pamamagitan ng kamatayan, niyurakan Niya ang kamatayan, at sa mga nasa libingan ay ipinagkaloob Niya ang buhay na walang hanggan.

Binabati ko kayong lahat sa maluwalhating Kapistahan ng Muling Pagkabuhay . Binabati ko ang lahat ng mga Metropolitan, Obispo, Pari, Hegumen, at Presbitero. Binabati ko ang mga Diyakono at Archon. Binabati ko ang mga tagapaglingkod, at lahat ng pamilyang Coptic na nagdiriwang ng maluwalhating Pista ng Muling Pagkabuhay . Binabati ko ang lahat ng mga bata at kabataan sa bawat simbahan, sa bawat serbisyo, sa bawat sulok ng mundo. Isa sa mga mapapalad na pagkakataon sa taong ito ay ang sama-sama nating ipagdiwang ang maluwalhating Pista ng Muling Pagkabuhay. Ipinagdiriwang ng lahat ng mga Kristiyano sa buong mundo ang maluwalhating Pista ng Muling Pagkabuhay sa parehong araw. Ito ay mapalad, dahil sa taong ito ay ipinagdiriwang din natin ang ikalabimpitong siglo mula noong Unang Ekumenikal na Konseho ng Nicaea. Ang Konseho ang nagbalangkas ng Kredo: "Tunay, naniniwala kami sa isang Diyos." Binabati ko ang lahat ng simbahan sa buong mundo. Binabati ko ang lahat ng nagtatrabaho at naglilingkod. At ipinarating ko sa iyo ang pagmamahal ng Inang Simbahan sa Ehipto. Sa lahat ng ating mga simbahan sa Hilagang America, Timog America, at Europa. Sa Africa, sa See of Jerusalem, sa Asia, at sa Australia. Binabati ko ang lahat. Hinihiling ko ang isang mapagpalang kapistahan at muling pagkabuhay kasama ni Kristo. At kagalakan na tumatagal sa buong buhay niyo. At huwag nating kalimutan ang pag-ibig, biyaya, at pakikisama. Sa ating Diyos ang lahat ng kapurihan at karangalan, ngayon at magpakailanman. Amen.

Pamadre II